# PROYEKTO PARA SA RAINIER AVE S SAFETY CORRIDOR - YUGTO 2

FACT SHEET

## TUNGKOL SA PROYEKTO


Ang Rainier Ave S ay isang pangunahing kalye sa timog-silangang Seattle na sumusuporta sa tingiang pamimili, mga restawran, paaralan, liwasan at mga sentro para sa aktibidad. Ang mga tao sa timog-silangang Seattle ay nagmula sa maraming sulok ng mundo, dala ang kanilang mga sariling kultura, wika at pagkain, at ang parehong determinasyon upang magtagumpay sa kanilang bagong tirahan.

## BAKIT NAMIN BINAGO ANG RAINIER AVE S HANGGANG COLUMBIA CITY AT HILLMAN CITY?


Sa nakalipas na 10 taon, nagkaroon ng halos 3,600 na banggaan sa kabuuan sa may Rainier Ave S. Sa karaniwan, mayroong **1 banggaan** bawat araw na inaabot ng **45 minuto bago maalis**.

Ang Rainier ay mayroong halos **dobleng bilang ng banggaan kada milya** kumpara sa Aurora Ave N at Lake City Way NE kahit na halos doble ang dami ng sasakyan na dumaraan dito.

Ang karamihan sa mga tao ay nagmamaneho sa bilis na 38 mph, kung saan ang nakapaskil na limitasyon ay 30 mph. Dinadagdagan ng bilis ang tindi ng mga banggaan at dahil dito mas nahihirapan ang mga taong nagmamaneho na makita ang mga posibleng panganib; at ang mga taong naglalakad at nagbibisikleta.




*Ayon sa mga pag-aaral, ang isang naglalakad na tao na nabangga ng isang sasakyang tumatakbo sa bilis na 40 mph ay mayroong 90% posibilidad na mamatay habang ang nabangga ng isang sasakyan na tumatakbo sa bilis na 20 mph ay mayroong 10% posibilidad.*




*Compared with other principal arterial roadways in Seattle, Rainier has a per mile crash rate higher than streets that carry more than two times the traffic volume, making it a top candidate for street design modifications.*

## MGA RESULTA NG YUGTO 1

Noong 2015, binago namin ang disenyo ng kalye ng Rainier Ave S sa pagitan ng S Alaska St hanggang S Kenny St mula sa 4 na linya papunta sa 3 linya, na mayroong isang linya sa pagbibiyahe sa magkabilang direksyon at isang linya sa pagliko na nasa gitna. Binawasan namin ang limitasyon ng bilis mula 30 at ginawa itong 25 mph. Ang layunin ng proyekto ay bawasan ang bilis at ang bilang


**MAKIPAG-UGNAYAN KAY**
James Le, Maareeyaha Mashruuca
RainierAveS@Seattle.gov or (206) 684-3174



Seattle Department of Transportation
The Levy to MOVE SEATTLE
VISION ZERØ SAFER STREETS FOR SEATTLE

at tindi ng mga banggaan upang makapagligtas ng mga buhay, at upang gawing mas dinamikang pangunahing kalye ang Rainier Ave S para sa timog-silangang Seattle.

Hal sano ka dib marka aan samaynay Makalipas ang isang taon matapos naming gawin ang mga pagbabagong ito, nakita naming **bumaba ang kabuuang bilang ng mga banggaan sa 15% at 0 matinding pinsala o nakamamatay na mga banggaan** ang inulat na nasa mga limitasyon ng proyekto. **Bumaba ang pangkalahatang bilis nang 10%**, at ang bilang ng mga taong nasa bilis na 10+ mph na lampas sa limitasyon ng bilis ay bumaba rin nang 10%.

## NAKATANGGAP NG MAGANDANG FEEDBACK ANG PROYEKTO MULA SA MGA MIYEMBRO NG KOMUNIDAD:

- *"Mas ligtas na ngayon ang lugar at mas komportable akong lumiko."*


- *"Tahimik na ngayon dahil isang busina ang naririnig ko sa tuwing makalawang araw at wala akong nakitang anumang agresibong pagmamaneho."*

- *"Mas konektado ang pakiramdam ng aming lugar (hindi nahahati ng mabilis na trapiko)."*

## YUGTO 2

Ngayong taon, pinaplano naming ipagpatuloy ang aming gawain sa Rainier Ave S mula sa S Kenny St hanggang sa S Henderson St. Narito ang aming mga layunin para sa kaligtasan:

- Bawasan ang karaniwang bilis ng sasakyan at mga insidente ng pagbilis
- Bawasan ang bilang ng matinding pinsala o nakamamatay na mga banggaan




- Magandang mga interseksyon
- Inayos na bilis ng bus at pagiging maaasahan

Ang proyektong ito ay mahigpit na makikipagtulungan sa maraming iba't ibang proyekto, kabilang ang: pag-upgrade sa Route 7 para gawing isang RapidRide na linya; pagpapahusay sa kaligtasan at access sa transportasyon sa Rainier at Martin Luther King Jr Way; at pagpapahusay sa kaligtasan para sa mga estudyante sa may S Henderson St.

## SABIHIN SA AMIN ANG IYONG PALAGAY

Alamin pa ang tungkol sa proyekto at makibahagi sa pamamagitan ng pagpunta sa HYPERLINK "http://www.seattle.gov/transportation/RainierAveS.htm" www.seattle.gov/transportation/RainierAveS.htm. Makakakuha ka ng impormasyon at makikita ang aming online na survey kung saan ka maaaring magbahagi ng feedback.


**MAKIPAG-UGNAYAN KAY**
James Le, Maareeyaha Mashruuca
RainierAveS@Seattle.gov or (206) 684-3174



Seattle Department of Transportation
The Levy to MOVE SEATTLE
VISION ZERØ
SAFER STREETS FOR SEATTLE